Pebrero, 2013 Tagalog

KIAN Kumusta Kawasaki

Inilathala sa wikang: Ingles, Intsik, Koreyano, Espanyol, Portugal, Tagalog at Madaling Nihonggo
Matatagpuan ang isyu na ito sa HP (http://www.kian.or.jp/hlkwsk.html).
Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki
2-2 Kizuki Gion-cho, Nakahara-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa-ken
Tel 044-435-7000 Fax 044-435-7010 http://www.kian.or.jp/ E-mail: kiankawasaki@kian.or.jp

Final Income Tax Return

Mula sa HP ng Council of Local Authorities for International Relations http://www.clair.or.jp/tagengo/ (May mga paliwanag sa wikang Ingles, Aleman, Intsik, Koreano, Pranses, Espanyol, Portuges, Tagalog, Vietnamese, Indonesian,Thai, at Russian)

Kinakailangang mag-report ng halaga ng babayarang buwis matapos itong kalkulahin batay sa resulta ng pagkalkula ng kinita sa nakalipas na taon mula ika-1 ng Enero hanggang ika-31 ng Disyembre.

Ang mga taong may sariling negosyo o nasa agrikultura o freelance ay dapat mag-report.

Ang mga karaniwang empleyadong tumatanggap ng sahod ay hindi na kinakailangan pang gawin ito. Gayunman, ang mga sumusunod ay kinakailangang magpasa ng final income tax return:

- Kapag ang suweldo sa isang taon ay mahigit sa 20 milyones
- Kapag nakakakuha ng suweldo sa higit na dalawang lugar at iba pa.

・Huwag kalimutang magtago ng kopya ng final income tax return dahil ito ay kinakailangan sa pagpapatuloy o pagbabago ng pahintulot na manirahan sa Japan.

＊ Kapag may dependents sa sariling bansa, maaaring makakuha ng kaltas para sa mga dependent (deduction for dependents). Ang mga hindi nakakaltasan ng para sa dependents subalit tumatanggap ng sweldo ay kinakailangang mag-file ng dinal income tax return upang maibalik ang sobrang ibinayad na tax..

【Panahon ng Pagtanggap】Ika-18 ng Pebrero, 2013 (Lunes)-Ika15 ng Marso (Biyernes)

【Mga kailangan para sa Final Income Tax Return】 : ①Form ng final income tax return o kakutei shinkoku (nasa tanggapan ng tagapamahala ng buwis) ②Ang makakapagpatunay ng kinita sa nakalipas na taon (tulad ng withholding tax slip o mga resibo ng pagbabayad) ③Alien registration card ④Mga kailangang papeles para sa pagbabawas ng buwis dahil sa dependents (tulad ng birth certificate ng dependents na nasa sariling bansa o mga resibo ng pagpapadala ng pera) ⑤Mga kailangang papeles para sa pagbabawas ng buwis dahil sa pagbayad ng insurance (tulad ng sertipiko ng ibabawas na buwis dahil sa insurance) ⑥Mga papeles para sa pagbabawas ng buwis dahil sa medikal na gastos (mga resibo) ⑦ Pantatak (inkan) o kaya ay pirma etc…

【Mga Tanggapan sa Kawasaki City】

Opisina	Address at telepono	Para sa mga mamamayan sa…
Kawaski Kita Zeimusho	Kawasaki-shi Takatsu-ku Hisamoto 2-4-3 Tel:044-852-3221	Nakahara・Takatsu・Miyamae Ward
Kawasaki Nishi Zeimusho	Kawasaki-shi Asao-ku Kamiasao1-3-14 Tel:044-965-4911	Tama・Asao Ward
Kawasaki Minami Zeimusho	Kawasaki-shi Kawasaki-ku Enoki-chou 3-18 Tel:044-222-7531	Kawasaki・Saiwai Ward

☆ May mga impormasyon sa Ingles sa HP ng National Tax Agency.
Information about Income Tax http://www.nta.go.jp/taxanswer/english/gaikoku.htm
National Tax Agency JAPAN http://www.nta.go.jp/foreign_language/index.htm

Ika-19 Paligsahan ng pagtatalumpati sa wikang Hapon para sa mga dayuhang mamamayan!!

Libreng Entrance!

Ang anwal na "Paligsahan ng pagtatalumpati sa wikang Hapon" ay gaganapin muli!

Mayroong exchange meeting para sa mga aplikante at mga bisita pagkatapos ng paligsahan (may bayad)

【Araw at Oras】 Ika-16 ng Pebrero, 2013 Sabado

Paligsahan 13:00-15:30 Exchange meeting 15:30-16:30 《Kailangan ang reserbasyon, magbayad sa araw ng paligsahan ¥500》

【 Saan 】 Kawasaki International Center・Hall (paligsahan) at Reception Room (Exchange meeting)

【Katanungan/Saan mag-aaplay】 Kawasaki International Association Tel・Fax・E-mail o pumunta lamang sa International Center

☆ “Point and Speak” bokabularyo • mga Piyesta Opisyal sa Japan (hindi lahat)☆

1 月　元旦（がんたん）　(年の初めを祝う)

成人の日（せいじんのひ）
(おとなになったことを祝う)

3 月　春分の日（しゅんぶんのひ）
(自然をたたえ、生物をいつくしむ)

5 月　こどもの日
(こどもの幸福をはかる)

9 月　敬老の日（けいろうのひ）
(老人を敬愛し、長寿を祝う)

11 月　勤労感謝の日（きんろうかんしゃのひ）
(労働をたっとび、
たがいに感謝しあう)

Tagalog

Enero：Gantan (pagdiriwang ng umpisa ng bagong taon)
Seijin no hi (Araw ng pagdatin sa sapat na gulang) - pagdiriwang ng pagiging adulto

Marso: Shunbun no hi (Vernal Equinox day) – Igalang ang kalikasan at kahabagan ang mga nilalang.

Mayo: Kodomo no hi(Araw ng mga bata) Pagdiriwang ng kaligayahan ng mga bata.

Septyembre: Keiro no hi (Araw ng pagrespeto ng mga matanda at pagdiriwan ng mahabang buhay)

Nobyembre：Kinro Kansha no hi (Labor thanks-giving day) - Araw na pagrespeto sa pagtatrabaho at pasalamatan ng bawat isa.

Pagsasanay para sa disaster prevention kasama ang mga dayuhan



Nabago ang araw

Gaganapin ang pagsasanay para sa disaster prevention sa pakikipagtulungan ng Nakahara fire station , kasama ang mga dayuhan at mga taong nakatira sa malapit sa center.

【Araw at Oras】 Marso 1, 2013 (Biyernes)　10:30 – 12:00　Gaganapin kahit umaambon

【Saan】 Kawasaki International Center, sa harap ng Entrance.

【Nilalaman】 Pagsasanay ng paglikas, pagpatay ng apoy, paggamit ng AED, pamamahagi ng pagkain(tikim), , lecture ng pagtawag sa 119. Mayroon ding simulation ng usok at lindol sa pamamagitan ng earthquake simulation track.

【Pag-aplay】 Hindi kailangan ang reserbasyon. Sumali at imbitahin ang mga kakilala at kapitbahay

【Katanungan】 Kawasaki International Association Tel・Fax・E-mail・o bumisita lamang sa Internasyonal center

Pagpapayo para sa mga dayuhan sa Kawasaki International Center

Kung may problema kayo o kung mayroon kayong gustong tanungin, maaari kayong kumonsulta dito.

・Oras ng pagpapayo（10:00-12:00 13:00-16:00）　Telepono 044－435－7000



Wika	Araw
Ingres	Lunes hanggang Sabado
Portugal	Martes・Biyernes
Koreano	Martes・Huwebes

Wika	Araw
Intsik	Martes・Miyerkoles・Biyernes
Espanyol	Martes・Miyerkoles
Tagalog	Martes・Miyerkoles

・Kawasaki Ward Office

Libreng Pagpapayo para sa mga Dayuhan

Wika	Araw	Oras
Ingles	Una at Ikatlong Huwebes	14:00-16:30
Intsik	Una at Ikatlong Martes	14:00-16:30
Tagalog	Una at Ikatlong Martes	9:30-12:00

・Asao Ward Office

Libreng Pagpapayo para sa mga Dayuhan

Wika	Araw	Oras
Ingles	Una at Ikatlong Huwebes	9:30-12:00
Intsik	Una at Ikatlong Martes	9:30-12:00
Tagalog	Una at Ikatlong Miyerkoles	14:00-16:30

＊Libreng konsultasyon sa Gyousei Shosh i(wikang Hapon)　Saan　:International center 2F　Conference Room

Araw at Oras:Ika-17 ng Pebrero , Linggo 14:00-16:00(Kailangan ang reserbasyon para sa interpreter service, may bayad.)